

Tala: 1

Angina(includes abstract) Carson-DeWitt R; Oettgen JP; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, February 2009; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052434

Abstract: Ang angina ay pananakit o kawalan ng ginhawa sa dibdib. Madalas itong mayroong pakiramdam ng pag-ipit o parang-pagdiin. Mararamdaman rin ang kawalan ng ginhawang ito sa mga balikat, mga braso, leeg, mga panga, o likod. Karaniwang nagtatagal ang pananakit ng angina nang hindi lalampas sa 2-10 minuto. Naiibsan ito ng pamamahinga o nitroglycerin . Kasama sa mga uri ng angina ang:

View English

Database: Consumer Health Information -- Tagalog

Angina

(Unstable Angina, Stable Angina, Angina Pectoris, Cardiac Angina, Variant Angina)

ni: Rosalyn Carson-DeWitt, MD


[\[View English Version\]](#)

Kahulugan

Ang angina ay pananakit o kawalan ng ginhawa sa dibdib. Madalas itong mayroong pakiramdam ng pag-ipit o parang-pagdiin. Mararamdaman rin ang kawalan ng ginhawang ito sa mga balikat, mga braso, leeg, mga panga, o likod. Karaniwang nagtatagal ang pananakit ng angina nang hindi lalampas sa 2-10 minuto. Naiibsan ito ng pamamahinga o nitroglycerin .

Kasama sa mga uri ng angina ang:

- Stable angina—may nahuhulaang kalakaran. Sa pangkabuuan alam kung ano ang nagdudulot nito, nakakaginhawa rito, at kung gaano ito katindi.
- Unstable angina—ay mas hindi nahuhulaan o malubha. Maaaring mangyari ang pananakit ng dibdib habang namamahinga o kahit pa natutulog (nocturnal angina). Ang kawalan ng ginhawa ay maaaring mas magtagal at maaaring mas matindi kaysa sa stable angina.
 - Ang unstable angina ay maaaring palatandaan na magkakaroon ka ng atake sa puso . Dapat itong magamot bilang emergency.
- Variant o Prinzmetal's angina—nangyayari kapag ikaw ay nakapahinga, kadalasan sa hatinggabi. Maaaring malubha ito.

Karaniwang mga Bahagi ng Pananakit ng Angina


Mas malamang na makaranas ang mga babae ng hindi karaniwang sakit, sa labas ng mga bahaging ito.

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Mga Sanhi

Ang angina ay kadalasang sintomas ng coronary artery disease . Nangyayari ito kapag nabarahan ang mga daluyan ng dugo na tumutungo sa puso. Binabawasan ng bara ang daloy ng dugo at oxygen patungo sa kalamnan ng puso. Kapag nawalan ng oxygen ang kalamnan ng puso makakaramdam ka ng pananakit ng dibdib at ibang mga sintomas.

Coronary Artery Disease



© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Stable o Unstable Angina

Nangyayari ang angina kapag ang pangangailangan ng iyong puso para sa dugo at oxygen ay pinataas ng:

- Ehersisyo, pagpupwersa
- Malamig na panahon
- Maraming pagkain
- Stress dulot ng matinding damdamin

Nagiging unstable ang stable angina kapag nangyayaring mas madalas ang mga sintomas, mas nagtatagal, o mas madaling napapasimulan.

Variant o Prinzmetal's Angina

Ang variant o prinzmetal's angina ay kadalasang dulot ng pamumulikat ng coronary vessel. Maaaring palatandaan ito na nasa iyo ang isa sa mga sumusunod:

- Coronary artery disease
- Labis na alta presyon
- Hypertrophic cardiomyopathy
- Mga karamdaman ng mga balbula ng puso

Mga Nagbibigay Panganib

Ang nagbibigay panganib ay isang bagay na nagpapataas ng iyong tsansang magkaroon ng sakit o kondisyon.

Kabilang sa mga pangunahing nagbibigay panganib sa coronary artery disease (CAD) ang sumusunod:

- Kasarian: lalaki
- Tumatanda

- Matibay na kasaysayan sa pamilya ng sakit sa puso
- Labis na katabaaan at pagkakaroon ng labis na timbang
- Paninigarilyo
- Alta presyon
- Hindi aktibong pamumuhay
- Mataas na kolesterol sa dugo (lalo na, mataas na LDL kolesterol at mababang HDL kolesterol)
- Diabetes

Iba pang mga nagbibigay panganib sa CAD:

- Stress
- Labis na pag-inom ng alak

Sintomas

- Pagdiin o nakakaipit na pananakit ng dibdib
 - Hindi nararanasan ng ilang tao ang malubhang sakit
 - Mas malamang na may hindi karaniwan o mga mahirap mahalatang sintomas ang mga taong may-edad, mga babae, at mga taong may diabetes
 - Ang ilang tao ay may "tahimik na ischemia" at hindi nakakaranas ng sintomas na pananakit ng dibdib
 - Ang anumang uri ng pananakit ng dibdib ay kailangan masuri upang malaman ang sanhi nito
 - Ang pananakit ng dibdib o kawalan ng ginhawa ay panandang sintomas ng angina
 - Kapag malubha ang kawalan ng ginhawa sa dibdib, nagtatagal nang higit sa 15 minuto, at may kasamang ibang mga sintomas na nakalista sa ibaba, mas mataas ang pagkakataon ng atake sa puso
- Pananakit sa (mga) balikat o (mga) braso, o sa panga
- Panghihina
- Pagpapawis
- Pagduduwal
- Kahirapan sa paghinga

Pagsuri

Gagawin kaagad ang mga pagsusuri upang malaman kung nagkakaroon ka ng atake ng angina o atake sa puso. Kung mayroon kang stable pattern ng angina, maaaring gawin ang ibang mga pagsusuri upang malaman ang hangganan ng iyong karamdaman. Makakatulong ang mga resulta ng pagsusuri upang gumawa ng plano ng paggamot.

Magtatanong ang doktor tungkol sa iyong mga sintomas at kasaysayang medikal, at magsasagawa ng eksaminasyong pisikal.

Kasama sa mga pagsusuri ang:

- Mga pagsusuri sa dugo—upang maghanap ng mga pananda ng dugo para malaman kung nagkakaroon ka ng atake sa puso
- Electrocardiogram (ECG, EKG) —isang ulat ng electrical activity ng puso, upang maghanap ng katibayan ng mga nakaraang atake sa puso, malalang mga atake sa puso, o mga problema sa ritmo ng puso
- Echocardiogram —high-frequency sound waves (ultrasound) upang masuri ang kabuuan at pagganap ng puso sa tungkulin nito
- Exercise stress test —itinatala ang electrical activity ng puso kapag tumaas ang pangangailangan nito
 - Ginagamit ang gamot upang gayahin ang mga epekto ng pisikal na pagpuwersa para sa mga hindi makapag-eehersisyo
- Nuclear scanning—iniiniksiyon ang radioactive material sa ugat upang ilawan ang mga bahaging may mahinang daloy ng dugo

- Electron-beam CT scan (coronary calcium scan, heart scan, CT angiography)—isang uri ng x-ray na gumagamit ng computer upang gumawa ng mga detalyadong larawan ng puso, mga ugat sa puso, at nakapaligid na mga bahagi
 - Uri ng CT scan na sumusukat sa dami ng nakadepositong calcium sa mga ugat sa puso upang malaman ang panganib ng sakit sa puso o mga atake sa puso
 - Inilathala ng American Heart Association (AHA) ang mga patnubay noong 2006 na nagpapakita na ang mga heart scan ay hindi para sa lahat at malamang na makikinabang ang mga pasyenteng may panggitnang panganib sa coronary artery disease
- Coronary angiography—iniiniksiyon ang pangkulay sa mga ugat upang ilawan ang mga di-normal na bahagi (pagkipot o pagbabara) sa mga ugat

Paggamot

Kabilang sa mga paggamot sa angina ang:

Mga gamot

- Nitroglycerin—kadalasang ibinibigay habang umaatake ang angina. Maaaring ibigay bilang tableta na natutunaw sa ilalim ng dila o bilang spray.
 - Maaaring gamitin ang mga uring mas nagtatagal upang iwasan ang angina bago ang isang gawain. Maaaring ibigay ang gamot bilang mga tableta, o inilalapat bilang mga pandikit o mga pamahid.
- Pampalabnaw ng dugo—ang isang maliit, araw-araw na dosis ng aspirin ay nakitang nagbabawas sa panganib sa atake sa puso.
 - Maaaring makinabang sa pagdagdag ng warfarin (halimbawa coumadin) ang mga pasyenteng nagkaroon na ng unstable angina o atake sa puso. May napataas na panganib sa pagdurugo sa gamot na ito. *
 - Kausapin ang iyong doktor bago uminom araw-araw ng aspirin o warfarin.
- Beta-blockers at calcium-channel blockers—kapag ginagamit palagi, maaaring bawasan ng mga gamot na ito ang pangyayari ng angina.
- Mga gamot na pampababa ng cholesterol—maaaring maiwasan ang paglala ng coronary artery disease. Maaari pa nilang pabutihin ang naroon nang coronary artery disease.
- Angiotensin-converting enzyme (ACE) inhibitors at angiotensin receptor blockers (ARBs)—pinapababa ang presyon ng dugo. Higit silang kapakipakinabang para sa mga pasyenteng nagkaroon na ng atake sa puso sa nakaraan. Binabawasan din nila ang bigat ng gawain ng iyong puso.

Operasyon

Maaaring makinabang ang mga pasyenteng may malubhang angina o unstable, lumalalang angina sa:

- Coronary artery bypass graft
- Coronary angioplasty

Pag-iwas

Kung mayroon ka nang angina, maiiwasan ang pagsisimula nito sa pagkakabatid kung ano ang nagpapasimula dito.

Kung wala kang angina, maaaring bawasan ng pag-iwas sa pagkakaroon ng coronary artery disease ang iyong tsansang magkaroon nito.

Kabilang sa mga hakbang upang maiwasan ang coronary artery disease ang pangangasiwa sa mga nagbibigay panganib:

- Panatiliin ang tamang timbang.
- Simulan ang ligtas na programa ng ehersisyo na may payo ng iyong doktor.

- Itigil ang paninigarilyo.
- Kumain ng tamang diyeta, iyong mababa sa saturated fat at mayaman sa mga pagkaing gawa sa buong butil, mga prutas, at mga gulay.
- Gamutin nang angkop ang alta presyon at/o diabetes.
- Gamutin nang angkop ang di-normal na dami ng cholesterol o mataas na triglycerides .

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. February 2009
Numero ng Item: 2010052434